Australian Government

Job Services Australia
people • skills • jobs

The Harvest Trail

Ang Harvest Trail initiative (Inisyatibang Harvest Trail) ay makatutulong sa iyo na makahanap ng trabaho bilang isang manggagawa sa anihan sa kanayunan at rehiyonal na mga lugar sa kabuuang Australia.

Ang gawaing Harvest ay maaaring makuha sa buong taon kung may kakulangan sa lokal na mga manggagawa sa pag-ani ng mga pananim na prutas at gulay.

Anuman ang iyong pinagmulan, edad, o kasaysayan sa trabaho, ang trabaho sa anihan ay magbibigay sa iyo ng pagkakataong:

- pagsamahin ang trabaho at paglalakbay sa buong Australia
- makakilala ng mga tao mula sa buong mundo
- makagawa ng ibat ibang gawaing pantrabaho
- magtrabaho sa malaking bahagi ng taon.

Maaari ka ring magpasya na manatili sa isang partikular na rehiyon.

National Harvest Labour Information Service (NHLIS) (Pambansang Serbisyong Pang-impormasyon ukol sa Trabaho sa Anihan)

Ang NHLIS ay nagbibigay ng komprehensibo, bagong impormasyon tungkol sa mga bakante at pagkakataon sa trabaho sa anihan sa pamamagitan ng website ng Harvest Trail sa **harvesttrail.gov.au**.

Ang NHLIS ay naglalathala at namamahagi rin ng **National Harvest Guide (Pambansang Gabay sa Anihan)** —isang buklet na may impormasyon tungkol sa mga pagkakataon para sa trabaho sa anihan, mga kondisyon sa pagtatrabaho, transportasyon at tirahan sa buong Australia. Ang gabay ay **walang bayad** at maaaring makuha sa pamamagitan ng internet sa website ng Harvest Trail. Ang gabay ay ina-update nang isang beses sa isang buwan, at may detalyadong impormayon ukol sa anihan para sa bawat lugar ng anihan at ito ay ipinamamahagi sa pamamagitan ng:

- mga tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia (Mga Serbisyong Pantrabaho ng Australia)
- mga grupong pang-industriya sa Lugar ng Anihan
- Centrelink
- nauugnay na mga institusyong pang-edukasyon
- mga caravan park
- mga backpacker hostel
- mga sentrong pang-impormasyon ng lokal na pamahalaan
- mga kawanihang pangturista
- iba pang mga nauugnay na ahensiya.

Ang NHLIS ay nakikipag-unayan sa mga tagapagbigay-serbisyo ng Harvest Labour Service (Serbisyong nauukol sa Trabaho sa Anihan), iba pang mga tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia, mga tagapagtanim, mga samahan ng tagapagtanim, at ilang hanay ng mga ahensiyang pangrekluta. Ito ay nakikipagtulungan din sa mga pamahalaang Estado at Teritoryo upang itaguyod ang mga pagkakataon para sa trabaho sa anihan sa mga naghahanap ng trabaho at mga tagapag-empleyo.

Harvest Labour Service

Ang mga tagapagbigay-serbisyo ng Harvest Labour Service ay:

- tumutulong sa pamamagitan ng patuloy na pagpapayo at impormasyon tungkol sa pana-panahong trabaho sa anihan sa mga rehiyon sa buong bansa
- nagbibigay ng impormasyon tungkol sa kung saan maaaring tumira, paano makapunta sa trabaho, mga pasahod at iba pang mga kondisyon sa trabaho gayundin ng impormasyon tungkol sa mga takdang panahon at kondisyon sa pagtatrabaho sa anihan
- nagtataguyod ng mga pagkakataon sa trabaho sa anihan sa iba pang mga tagapagbigay-serbisyo ng trabaho at sa mga lugar na binibisita ng mga manlalakbay mula sa ibayong dagat, katulad ng mga backpacker hostel
- sumusuporta sa mga tagapagtanim at sa kanilang mga pangangailangang pantrabaho sa loob ng panahon ng anihan
- pumipili ng mga naghahanap ng trabaho upang matiyak na maaari silang magtrabaho sa Australia at nababagay sa mga tagapag-empleyo
- mag-uugnay sa iyo sa mga tagapag-empleyo
- nagbibigay sa mga samahan ng mga tagapag-empleyo at tagapagtanim ng kagyat na tulong kung may kakulangan sa mga lokal na mga manggagawa.

Sino ang maaaring lumahok?

Ang bawat isa na may karapatan ayon sa batas na magtrabaho sa Australia ay karapat-dapat, tumatanggap man sila o hindi ng mga kabayarang suporta sa kinikita. Kabilang dito ang mga taong bumibisita sa Australia na may hawak na naaangkop na mga work visa.

Paano mag-aplay

Kung ikaw ay interesadong mag-aplay para sa mga trabaho sa anihan:

- tawagan ang Serbisyong Pang-impormasyon ng National Harvest Labour sa **1800 062 332** upang maiugnay sa tagapagbigay-serbisyo sa lugar na interesado ka
- bisitahin ang Harvest Trail website sa **harvesttrail.gov.au**, o
- tumawag o makipagkita sa iyong pinakamalapit na tagapagbigay ng Serbisyo para sa Trabaho sa Anihan.

11FS09446JSA/tagalog

Ang iyong karapatan sa pagiging pribado

Ang iyong personal na impormasyon ay protektado ng *Batas sa Pagiging Pribado 1988 (Privacy Act 1988)* at ang impormasyon tungkol sa iyo ay maaari ding maging protektado ng *Batas ng Social Security (Pang-administrasyon) 1999 (Social Security (Administration) Act 1999)* (gaya halimbawa, kung ikaw ay tumatanggap ng suporta sa kita). Ang iyong impormasyon ay maaaring ibahagi sa pagitan ng mga tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia, ng Department of Education, Employment and Workplace Relations (DEEWR), Centrelink at iba pang mga kagawaran at kawanihan ng Pamahalaang Australia, na nagbibigay-daan upang ang mga organisasyon ay makapagbigay sa iyo sa pinakaangkop na mga serbisyo upang matugunan ang iyong mga pangangailangan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong pagiging pribado magtanong sa iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia, DEEWR o bisitahin ang **privacy.gov.au**.

Para sa karagdagang impormasyon

Tumawag sa National Harvest Labour Information Service sa 1800 062 332 o bumisita sa harvesttrail.gov.au.